**UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA**

**WIKA 1: Wika, Kultura, at Lipunan**
**Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)**

GABAY SA PAG-AARAL: MODYUL I

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

## Introduksiyon

Sa modyul na ito, maisasapraktika mo ang pag-aaral ng wika, sining at kultura ng pagkain. Bukod pagiging isang batayang pangangailangan, ang pagkain ay isang sining at karanasang kultural. Matututunan mo sa modyul na ito ang lingguwistik na katangian ng pagkain sa pamamagitan ng aktwal na karanasan sa pagluluto.

## Layunin sa Pagkatuto:

Sa katapusan ng Modyul I, inaasahan na ikaw ay:

1. Makatutukoy ng ugnayan ng wika sa larang ng sining at kultura;

2. Makapagpapaliwanag sa halaga ng sining at kultura sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino;

3. Makagagawa ng kongkretong proyekto na magpapakita sa ugnayan ng wikang Filipino at larang ng sining at kultura.

## Wikang Filipino sa Larang ng Sining at Kultura

Isa sa mga aspekto ng sining at kultura na hindi nabibigyan ng atensiyon ay ang tinatawag na culinary art o food heritage ng bansa. Hindi pinapansin at pinag-uukulan ng pag-aaral dahil sa mabilis at patuloy na nagbabago nating mundo, makikilala pa ba ang pagkaing Pilipino? Ano-anong pagkain, recipe, at tradisyong nakatali sa pagkain ang matutukoy na bahagi ng ating kasaysayan at pagkakakilanlan? At kung iuugnay sa wika, makakain ba ang mga salita?

Laging maiuugnay ng pagkain sa ating alaala at gunita. Nababakas ito mula sa personal na danas ng pagkain kasama ng pamilya hanggang sa pakikipamiyesta sa mga kaanak at kaibigan sa ibang lugar at komunidad. Hindi lamang tumutugon ang pagkain sa batayang pangangailangang mabuhay kundi isa itong kultural na karanasan. Nasasapol din ng pagkain ang mga usaping

panlipunan tulad nutrisyon, gutom at kasalatan, pagtatapon at pag-aaksaya ng pagkain, at kulturang fastfood.

| **Gabay sa Assignment** | |
|---|---|
| 1. Basahin mo ang sanaysay na *Pilipino'y Maaring Kilanlin sa Pamamagitan ng Kanyang Pagkain* (2006) ni Doreen Fernandez.<br><br>2. Pagkatapos basahin ang sanaysay, pag-isipan mo ang sumusunod:<br>a. Ano-ano ang mga pinagmumulan ng pagkain ng mga Pilipino?<br>b. Ano-ano ang mga impluwensiyang dayuhan sa pagkaing Pilipino?<br><br>3. Bilang isang grupo, maghanda kayong magluto ng **ulam na may isda** (maliban sa Bangus, Tilapia, at Galunggong). Maliban sa prito, isang tipikal na ulam ang lutuin ninyo. Kunin ang recipe sa inyong magulang o kapamilya. **HUWAG GAGAMIT NG INSTANT MIX. Maghanda ng isang video/ulat na magsisimula** sa pagpapakilala ng isdang napili, pamimili, paghahanda ng sangkap, pagluluto, at paghahain. Tiyaking may audio ang video at nakikita ang mukha ng bawat miyembro. Maaaring gumabay ang magulang o kapamilya, hindi sila ang gagawa ng inyong gawain. Kailangang aktwal na ihain at kainin ang niluto.<br><br>4. Mag-log in at i-upload ang inyong video sa VLE course ng ating klase. | |
| **Format:** mp4**,** 7-10 mins (max) | |
| **Rubrik ng Pagpupuntos (10pts):** | |
| **Pagsunod sa batayang pamantayan ng gawain:** | |
| Partisipasyon ng lahat ng miyembro | 1pt |
| Obserbasyon ng batayang format | 1pt |
| **Malikhaing presentasyon ng mga idea:** | |
| Kawili-wiling format ng pag-uulat | 1pt |
| Malikhaing biswal na presentasyon | 1pt |
| **Maayos na pagbabalangkas ng paliwanag:** | |
| Mainam na pagtalakay ng impormasyon | 1pt |
| Maayos na paglalatag ng proseso | 1pt |
| Angkop na paggamit ng rehistro ng wika | 1pt |
| **Malinaw na paggamit ng wika:** | |
| Ispontanyong pag-uulat | 2pts |
| Malinaw at magaan na wika | 1pt |

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

Pangwakas

Sa modyul na ito natuklasan mo na maiuugnay ang wika sa sining at kultura ng pagkain. Mula sa mga salitang ginamit sa pagtukoy sa sangkap, proseso ng pagluluto, at paglalarawan ng lasa ng

lutuin, mahalagang papel ang ginagampanan ng wika. Ang paggamit ng wikang Filipino sa sining at kultura ng pagkain ay nagtitiyak sa linamnam ng lutuin at pagbabalangkas ng identidad ng Pilipino.

Sanggunian:

Fernandez, D. 2006. "Pilipino'y Maaring Kilanlin sa Pamamagitan ng Kanyang Pagkain." *Likha*. Lungsod Quezon: ADMU Press.
https://drive.google.com/file/d/1jBDwrmC1WihJSlODSHOMVHnnT5eV8cC2/view?usp=sharing

Joson, O. *Ang Rehistro ng Pagluluto: Panimulang Pagsusuri sa Varayti ng Filipino sa Ilang Piling Cookbook.*
https://drive.google.com/file/d/15BwJaLVbVRnPTx6hsyBPh2xeM7CVc0Tj/view?usp=sharing

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)